

PIVOT^{4A} LEARNER'S MATERIAL GRADE 3 - Filipino



QUARTER 3

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na hindi maaaring magkaroon ng karapatang-ari sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayumpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitahan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang bahagi ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot ng Kagawaran.

Ang modyul na ito ay masusing sinuri at nirebisa ayon sa pamantayan ng DepEd Regional Office 4A at ng Curriculum and Learning Management Division CALABARZON. Ang bawat bahagi ay tiniyak na walang nilabag sa mga panuntunan na isinasaad ng Intellectual Property Rights (IPR) para sa karapatang pampagkatuto.

Mga Tagasuri

PIVOT 4A Learner's Material
Ikatlong Markahan
Ikalawang Edisyon, 2021

Filipino

Ikatlong Baitang

Job S. Zape, Jr.
PIVOT 4A Instructional Design & Development Lead

Gerome Nicolas Dela Peña
Content Creator & Writer

Elaine T. Balaogan & Ricardo P. Makabenta
Internal Reviewer & Editor

Fe M. Ong-ongowan, Hiyasmin D. Capelo & Maylen N. Alzona
Layout Artist & Illustrator

Jeewel L. Cabriga, Alvin G. Alejandro & Melanie Mae N. Moreno
Graphic Artist & Cover Designer

Ephraim L. Gibas
IT & Logistics

Roy Rene Cagalingan, Komisyon sa Wikang Filipino
Language Editor & Reviewer

Inilathala ng: Kagawaran ng Edukasyon Rehiyon 4A CALABARZON
Patnugot: **Francis Cesar B. Bringas**

PIVOT 4A CALABARZON Filipino G3


Kahulugan ng Tambalang Salita

Aralin

I

Sa araling ito, inaasahang matutukoy mo ang kahulugan ng mga tambalang salita na nananatili ang kahulugan.


Tingnan ang mga larawan sa ibaba. Bigyang pansin ang mga salitang nakalimbag sa itim sa bawat pangungusap.



Ano ang pangarap mo sa buhay?
Tulad mo, ang bawat tao ay may pangarap na nais maabot. Marahil, ang iba ay **abot-kamay** na ito.



Nakakita ka na ba ng larawan ng isang **bagong-kasal**? Maaaring larawan mismo ng iyong mga magulang o malalapit na kaanak.



Naranasan mo na bang makapasok sa isang **bahay-kubo**? Makalanghap ng sariwa at preskong hangin sa loob nito?

Ang pagsasama ng dalawang magkaibang salita ay ginagawa upang makalikha ng isang salita na posibleng mayroon ng ibang kahulugan. Madalas, isinusulat ito na may gitling sa pagitan ng dalawang salitang pinagtatambal tulad ng mga salita sa itaas. Ito ay tinatawag na **tambalang salita**.

Mayroong umiiral na dalawang uri ang mga tambalang salita. **Tambalang salita** na nananatili ang kahulugan at **tambalang salita** na may bagong kahulugan. Ang nauna ang mas bibigyan natin ng tuon sa araling ito.

A. Tambalang-Salita na Nananatili ang Kahulugan

Sinasabing may mga tambalang salita na ang kahulugan o nais ipahiwatig ng dalawang salita ay nananatili at hindi nababago. Ilan sa mga halimbawa nito ay **abot-kamay**, **bagong-kasal**, at **bahay-kubo**.

Tingnan nating halimbawa ang tambalang salitang **silid-aklatan**. Ang mga salitang “silid” at “aklatan” tumitindig sa sarisaring kahulugan; at kahit pa pinagsama’y tumutukoy pa rin naman sa “isang silid na may lamang mga aklat.”

Masasabing likas sa kultura ng wikang Filipino ang pagtatambal ng mga salita dahil

sa pagkakaiba-iba ng ating kultura, tradisyon, paniniwala, at gawi. Ang mismong proseso ng pagtatambal ng mga salita ay pagkilala na rin natin na mas lumalawak ang ating kaalaman sa sariling bansa at pagkakakilanlan.

Narito pa ang ilan sa mga tambalang salita na nananatili ang kahulugan.

- akdang-sining (literary work of art)
- aklat-dasalan (prayer book)
- bahay-gagamba (cobweb, spiderweb)
- baybaying-dagat (seashore)
- gawang-kamay (handmade)
- habang-buhay (lifelong)
- hugis-puso (heart-shaped)
- inang-bayan (motherland, native land)



D

Gawain sa Pagkatuto Bilang 1: Tukuyin ang kahulugan o ibig sabihin ng bawat tambalang-salita. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

1. tubig-alat

- A. tubig na ginagamit sa pagluluto
- B. tubig na malamig
- C. tubig sa dagat o kinuha mula sa dagat
- D. tubig na malabo

2. labas-pasok

- A. akto ng paulit-ulit na paglabas at pagpasok
- B. hindi mapakali sa gagawin
- C. magnanakaw
- D. taong madalas na pinalalayas

3. ingat-yaman

- A. taong matipid sa paggastos
- B. pinunò ng tanggapan o samahan na may tungkuling magtago ng salapi at talaán ng mga gastos
- C. taong maramot
- D. guwardiya ng makapangyarihang tao

Ang **tubig** ay isang inorganiko, transparent, walang lasa, walang amoy at halos walang kulay na kemikal.

Ang salitang **alat** ay maiuugnay sa salitang "alati" ng Griyego na ang kahulugan ay asin sa Tagalog.

Ang **labas** ay dakong nakalantad at malayo sa pook na nababakuran.

Ang kahulugan ng **pasok** ay pagtungo o pagtuloy sa loob.

Ingat. Ito ang pag-aalaga o pagsisinop sa anumang bagay.

Yaman. Ito ay malaking halaga ng salapi o mahalagang ararian.

4. lampas-tao

- A. malaking bilang ng mga tao sa isang grupo
- B. mas mataas sa karaniwang tangkad ng tao
- C. pangkat ng mga kabataan
- D. malayo sa kasalukuyang kinalalagyan ng tao

5. ulilang-lubos

- A. taong ipinaampon sa iba
- B. taong patay na ang mga magulang; o wala nang buhay na kamag-anak
- C. labis na nalulungkot
- D. naligaw ng landas

Lampas. Ito ay kahigitan sa haba, taas o layo at iba pa.

Tao. Ito ay nilikha na naiiba sa ibang hayop dahil sa mataas na antas ng kaisipan at komplikadong kaalaman.

E

Gawain sa Pagkatuto Bilang 2: Piliin sa kahon ang tambalang salita na isinasaad ng bawat larawan. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

sinag-araw

akyat-bahay

tabing-dagat

bakas-paa

sulat-kamay


bores-palaka

bakas-daliri


sinag-buwan



1. _____




2. _____



3. _____

Ang bata ay masipag.

4. _____



5. _____

A

Punan ang patlang. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

Sa pagsasama-sama ng dalawang salita, nakabuo ako ng bagong salita na may kahulugan. Ang tawag dito ay _____ salita.

Pagsasabi ng Sariling Ideya at Pagpapahayag ng Sariling Opinyon o Reaksiyon

I

Aralin

Sa araling ito, ikaw ay inaasahang makapagsasabi ng sariling ideya tungkol sa tekstong napakinggan at makapagpapahayag ng sariling opinyon o reaksiyon sa isang napakinggang isyu.

Ang **opinyon** ay sariling palagay, pananaw o saloobin tungkol sa isang balita, isyu o usapan.

Ang **reaksiyon** ay damdaming nagpapakita ng pagsang-ayon, pagsalungat, pagkatuwa o pagkadismaya sa mga balita, isyu o usapan.

Halimbawa:

Isyu: Dahil sa ilegal na pagpuputol ng mga puno sa kagubatan, lalong lumala ang pagbaha at pagguho ng lupa. Hindi nila alintana ang pinsalang naidudulot nito sa pamayanan. Kahit na may babala pa ang pamahalaan ay hindi pa rin matigil ang ilegal na gawain ng iba.

Ano ang saloobin mo sa nilalaman ng isyu o balita? Ang tawag sa sagot mo ay **opinyon**.

Ano ang damdamin mo sa nilalaman ng isyu o balita? Ang tawag sa sagot mo ay **reaksiyon**.

Mga Pahayag na Ginagamit sa Pagbibigay ng Opinyon o Reaksiyon

1. **Sa palagay ko** - Sa palagay ko ay hindi ako makapapasa sa pagsusulit dahil hindi ako nakapag-aral kagabi.
2. **Sa aking opinion** - Sa aking opinyon ay walang karapatang magputol ng puno ang mga tao.
3. **Sa aking pananaw** - Sa aking pananaw, maraming bata ang hindi nakapapasok sa paaralan dahil sa hirap ng buhay.
4. **Sa tingin ko** - Sa tingin ko, mas mura ang bilihin sa palengke kaysa sa supermarket.

5. **Sa ganang akin** - Sa ganang akin, dapat manatili ang presidente sa kaniyang posisyon.
6. **Para sa akin** - Para sa akin, ang dapat na nanalo sa Binibining Pilipinas ay ang taga-Laguna.
7. **Kung ako ang tatanungin** - Kung ako ang tatanungin, mas masipag si Rhoda kaysa kay Lina.
8. **Naniniwala akong** - Naniniwala akong kaya nating magawa ang ating assignment kung magtutulong-tulong tayong lahat.

D

Gawain sa Pagkatuto Bilang 1: Tukuyin kung ang sumusunod na isyu ay opinyon o reaksiyon. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

1. Kung ako ang tatanungin, hindi dapat tumigil sa pag-aaral ang mga mag-aaral kahit na may pandemya.
2. Nakalulungkot isipin ang nangyayari sa ating mundo ngayon.
3. Sinasang-ayunan ko ang iyong mungkahi, na ang iboto natin sa susunod na halalan ay si Mang Berting.
4. Para sa akin, ikaw ang pinakamaganda noong gabi ng parangal.
5. Hindi ko nagustuhan ang mga balita sa radyo kaninang umaga.

E

Basahin at unawain ang kuwento.

Si Irah Nicole at ang Larong Mobile Elements

Ni Gerome Nicolas Dela Peña

Bata pa lamang si Irah Nicole ay hilig na niya ang paglalaro ng kung ano-anong mobile games. Ang kaniyang henerasyon ay maagang namulat sa pagbabagong hatid ng makabagong

teknolohiya. Halos lahat na ng bagay ay instant: nasa dulo na ng kaniyang mga daliri ang anomang palabas, musika, o larawan na gusto niyang makita, mapanood, o mapakinggan. Hanggang sa nalaman niya ang larong **Mobile Elements**.

Ang mga kuya niyang sina Ralph at Russel ang nagturo sa kaniya ng nasabing laro. Nagsimula sa simpleng panonood sa **gameplay** at **strategy** ng kaniyang mga kapatid, panonood ng mga video tutorial sa social media, at mga practice game sa mobile phone na binili sa kaniya ng kaniyang mommy noong 7th birthday niya dahil sa kaniyang matataas na grado.

Simpleng laro lang itong pampawala ng bagot sa mga oras na wala siyang ginagawa; o bonding lamang nilang magkakapatid kapag tapos na ang kanilang online class. Subalit, sadyang tama ang kasabihang “Anomang bagay na sobra ay masama”.

Laging bilin ng ina ni Irah na unahin ang pag-aaral, higit sa anomang bagay. Kahit pa maraming mga gawaing-bahay ay hinihintay lamang ng kaniyang ina na magkusa si Irah Nicole sa pagtulong ito man ay pagliligpit ng kaniyang higaan, paglalampaso ng sahig, pagtitiklop ng kaniyang mga damit, at iba pa. Pinagsabihan naman si Irah ng kaniyang kuya Ralph na nakauubos ng oras ang larong ito. Hindi nakinig si Irah sa bilin ng kaniyang kuya.

Lumipas ang isa, dalawa, hanggang tatlong season na naglaro siya nito. Napansin ng mga tao sa kanilang bahay na nagiging lulong na siya sa paglalaro. Lalo siyang naging agresibo sa paglalaro. At ang pinakamalungkot sa lahat ay nakapagbibitaw na rin siya ng mga salitang hindi dapat binabanggit ng tulad niyang bata.

Isang araw nabigla na lamang ang kaniyang ina nang malaman na bumagsak sa ibang asignatura si Irah. Napaiyak na lamang si Irah.

Matapos paalalahanan ng kaniyang ina at kausapin ng kaniyang mga kapatid ay napagtanto niya sa sarili ang dapat na gawin.

Naisip niyang hindi naman masama ang paglalaro na sa totoo lamang, nagkaroon pa siya dito ng mga kaibigan. Nagkaroon siya ng oras para maglibang kasama ng mga taong mahahalaga sa kaniya. Bulon niya sa sarili, kailangan lamang ay huwag sosobra o lalabis. Dapat na isipin ang mas mahahalagang bagay na dapat gawin sa oras na mayroon siya. Tumulong sa mga gawaing-bahay upang makabawas sa gawain ng ina niya at higit sa lahat, mag-aral nang mabuti upang maging mahusay na doktor sa hinaharap, na siya naman talaga niyang pangarap.

Binuksan niyang muli ang **cellphone**. Ngayon, hindi na muna para maglaro kundi para tingnan ang larawan ng ina. Tunay ngang anomang bagay na sobra ay masama.

Gawain sa Pagkatuto Bilang 2: Sagutin ang mga tanong. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

1. Sino ang pangunahing tauhan sa kuwento?
2. Ano ang naging resulta ng labis na paglalaro ng **mobile games** ni Irah Nicole?
3. Sa palagay mo dapat ba na ang isang batang katulad mo ay naglalaro ng **mobile games**?
4. Ano ang naging reaksiyon ng ina ni Irah nang malamang bumagsak siya sa ilang asignatura?
5. Anong aral ang napulot mo sa kuwento?

Gawain sa Pagkatuto Bilang 3: Ibigay ang opinyon o reaksiyon sa sumusunod na mga isyu. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

Isyu 1: Maraming bagyo ang dumating sa ating bansa.

Isyu 2: Pagkakasakit ng maraming tao ngayon dahil sa pandemya.

Isyu 3: Paggamit ng mask at face shield sa panahon ng pandemya.

Isyu 4: Pagtatapon ng basura sa hindi tamang lugar.

Isyu 5: Pagpasok ng mga mag-aaral sa panahon ng pandemya.



Kompletuhin ang pangungusap. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

Nabatid ko na ang bawat tao ay may kaniya-kaniyang opinyon at _____ sa mga bagay-bagay. Igalang natin ang opinyon ng bawat isa upang hindi tayo makasakit ng ating kapwa.

Masabi ang Paksa o Tema ng Teksto, Kuwento o Sanaysay

Aralin

I

Sa araling ito, ikaw ay inaasahang makapagsasabi ng paksa o tema ng teksto, kuwento o sanaysay at makagagamit ng tamang salitang kilos/pandiwa sa pagsasalaysay ng mga personal na karanasan.

Ang **paksa o tema** ay ang pangunahing idea na pinag-uusapan o tinatalakay sa isang pangungusap o talata. Ang mga salitang paksa at tema ay nangangahulugang titulo o simuno ng isang pangungusap o maari ng isang talata ang paksa. Dito umiikot ang kuwento. Ito rin ang itinatampok ng mga pangkat ng salita.

Sa pagtukoy sa pangunahing paksa o tema ng isang akda, kadalasang sinasabing ito ay makikita sa unang pangungusap (ano ang unang nais talakayin) at sa huling pangungusap (na naglalaman ng nais iwan sa mambabasa).

Ang mga pantulong na detalye naman ay sinasabing nagtataglay ng mahahalagang kaisipan o mga susing pangungusap na may kinalaman sa paksang pangungusap.

Ang kasanayan sa pagtukoy ng paksa o tema ng teksto, kuwento o sanaysay ay isa sa mahahalagang sangkap ng pagkilatis sa mga binabasa. Ang isang batang mahusay sa pagsusuri ng mga akda ay isang batang may malalim na pag-iisip.

Kaibahan ng Paksa sa Tema

Ang **paksa** ay tumutukoy sa kung ano ang pinag-uusapan o ang mismong pinag-uusapan sa sitwasyon, likhang sining, at sulatin. Ang **tema** naman ang umiikot na ideya na makikita sa kabuoan ng kuwento. Ang **tema** rin ang nagbibigay ng aral sa mga mambabasa.

Halimbawa:

Maraming bagyo ang dumating sa Pilipinas. Ang bagyong “Rolly” ay isa sa pinakamalakas na bagyo na nagdulot ng pinsala sa ating mga kabuhayan. Marami tayong mga kababayan ang nawalan ng buhay, tahanan at pinagkikitaan. Subalit sa lahat ng mga nagdaang kalamidad sa buhay ng tao, pilit pa ring bumabangon ang mga Pilipino.

Ano ang **paksa** ng teksto? **Ang paksa ay tungkol sa bagyo.**

Ano ang **tema** ng teksto? **Ang tema ay tungkol sa pinsalang dulot ng bagyo.**

Halimbawa:

Isang gabing maliwanag ang buwan, naglalaro ng taguan ang mga bata. Isa-isa nang nagtago ang mga bata. Ipinikit na ni Ruben ang mata at humarap na sa puno. Pagkabilang ng sampu, iminulat na niya ang mata at isa-isang hinanap ang mga kalaro. Bigla na lamang nagulat si Ruben, wala na siyang mga kalaro. Umuwi na palang lahat ang kaniyang mga kaibigan.

Ano ang paksa ng teksto? **Ang paksa ay tungkol sa larong “Taguan”.**

Ano ang tema ng teksto? **Ang tema ay tungkol sa pag-iwan ng mga kalaro kay Ruben.**

Paggamit ng Tamang Pandiwa sa Pagsasalaysay ng Personal na Karanasan

Mahalagang bagay ang mga salitang kilos sa pagsasalaysay o paglalahad ng mga pangyayari upang higit itong maging kaakit-akit sa mga mambabasa o tagapakinig. Binibigyang-buhay nito ang kahit pa pinakapayak na mga kaganapan na nais ibahagi sa iba.

Ang salitang kilos o pandiwa ay nagbibigay-buhay sa mga pangungusap dahil nagsasaad ito ng kilos o galaw na binibigyang-tuon o pokus. Binubuo ito ng mga salitang-ugat at mga panlapi.

Halimbawa ng mga panlapi na ginagamit sa pandiwa bilang karanasan.

Panlapi: na, ma, nag, mag, um, in at hin

Halimbawa: **sumigaw**

Halimbawa: **nagluto**

Salitang-ugat: **sigaw**

Salitang-ugat: **luto**

Panlaping ginamit: **um**

Panlaping ginamit: **nag**

Ang pandiwa bilang karanasan ay kadalasang naipahahayag kapag may damdamin ang pangungusap at may tagaramdam ng emosyon o damdamin na nakapaloob sa pangungusap.

Sa mga nabasa mong paksa at tema may mga ginamit na kilos o pandiwa sa pagsasalaysay ng mga karanasan.

Halimbawa:

Nagalit si Ruben dahil iniwan siya ng kaniyang mga kalaro.

Salitang-ugat: galit

Panlapi: na

Karanasan: nagalit

Ilan pang mga halimbawa:

Umiyak nang malakas si Donna dahil pumanaw na ang kaniyang ama.

Salitang-ugat: iyak

Panlapi: um

Karanasan: umiyak

Nagulat si Nicole sa nakitang palaka.

Salitang-ugat: gulat

Panlapi: na

Karanasan: nagulat

D

Gawain sa Pagkatuto Bilang 1: Ibigay ang paksa at tema ng teksto. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

1. Ang pagkakaroon ng edukasyon ng isang tao ay mahalagang bagay. Upang mabago ang lipunan mahalagang makatapos ng pag-aaral ang mga bata. Ang sabi nga ni Nelson Mandela, “Ang edukasyon ang pinakamakapangyarihang sandata na magagamit upang makapagpabago sa mundo.
2. Tunay na masarap langhapin ang sariwang hangin na nanggagaling sa kabukiran. Sa panahon ngayon na dumami na ang populasyon at ang mga sasakyan, naging marumi na ang ating kapaligiran. Dumami na rin ang mga factory na nakatayo sa iba't ibang lugar. Sa ganitong mga sitwasyon naging marumi na ang ating kapaligiran. Ang nalalanghap na lamang natin ay ang mga usok na ibinubuga ng mga sasakyan at ang mga dumi na nanggagaling sa factory.

E

Gawain sa Pagkatuto Bilang 2: Piliin ang pandiwang ginamit bilang karanasan sa pangungusap. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

1. Natuwa si Gina sa marka niya sa Filipino.
2. Naiyak si Nico sa pagkawala ng kaniyang aso.
3. Nabigla ako nang malaman kong pumanaw na ang lolo mo.
4. Nagulat si Ela sa nakita niya.
5. Naghirap ang kanilang buhay nang masunugan sila.

Gawain sa Pagkatuto Bilang 3: Pumili ng paksa sa ibaba. Sumulat ng limang (5) pangungusap gamit ang pandiwa bilang karanasan. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

Mga Paksa:

- Paboritong **ice cream flavor**
- Hindi malilimutang lugar na napuntahan
- Pinakanakatatawang pelikulang napanood
- Pinagmulan ng sariling pangalan

A

Kompletuhin ang pangungusap. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

Nabatid ko na ang _____ o tema ay ang pangunahing ideya na pinag-uusapan o tinatalakay sa isang pangungusap o talata. Ang mga salitang _____ tema ay nangangahulugang titulo at simuno ng isang pangungusap o maari ng isang talata.

Pagpapalit at Pagdaragdag ng mga Tunog Upang Makabuo ng Bagong Salita

Aralin

I

Sa araling ito, ikaw ay inaasahang makapagpapalit at makapagdaragdag ng mga tunog upang makabuo ng bagong salita.

Sinasabi na ang mga salita ay maaaring madagdagan, mabawasan, o mapalitan ng isang tunog sa unahan, gitna, o hulihang bahagi upang makalikha ng bagong salita.

Halimbawa:

Ang salitang **bata** ay maaaring maging **bota** (sapatos na umaabot hanggang binti) at maaari ring maging **bato** (matigas na substance at binubuo ng mineral) kung papalitan ang letra sa gitna at dulong bahagi nito.

Ang **bola** ay maaaring maging **bala**. (pinalitan ang letra sa gitna ng salita).

Ang **sala** ay maaaring maging **salat**. (dinagdagan ang letra sa hulihan ng salita)

Narito pa ang ilang paraan sa pagpapalit at pagdaragdag ng mga salita.

Pagdaragdag ng letra sa Unahan ng Salita

Halimbawa:

asa + b = basa

ama + k = kama

ata + l = lata

usa + p = pusa

Ina + s = sina

aso + l = laso

Pagdaragdag ng letra sa Gitna ng Salita

baon + l	=	balon	puso + l	=	pulso
hito + n	=	hinto	tuba + m	=	tumba
pito + n	=	pinto	basa + l	=	balsa

Pagdaragdag ng letra sa Hulihan ng Salita

batok + k	=	batok	bula +	=	bulag
pasa + n	=	pasan	puso +	=	puson
baha + g	=	bahag	palo + s	=	palos

D

Gawain sa Pagkatuto Bilang 1: Bilugan ang letra sa loob ng panaklong upang makabuo ng bagong salita. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

1. uso (k, t, l, m)
2. uka (h, m, n, s)
3. atas (b, m, n, s)
4. uno (m, p, h, s)
5. asa (b, y, r, w)
6. ama (l, b, s, y)
7. usa (b, t, r, g)
8. mano (l, k, s, d)
9. asa (l, d, w, y)
10. isa (d, n, m, y)

E

Gawain sa Pagkatuto Bilang 2: Isulat sa iyong sagutang papel kung paano nabago ang unang salita upang mabuo ang pangalawang salita.

1. tabo- tabi _____
2. tawag - tawad _____
3. bawas - bawang _____
4. luhod - lunod _____
5. basa - balsa _____
6. pata - patak _____
7. sando - sandok _____
8. balot- salot _____
9. kulay - buhay _____
10. pula - punla _____

A

Kompletuhin ang pangungusap. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

Napag-alaman ko na ang mga salita ay maaring madaragdagan, mabawasan, o mapalitan ng isang tunog o letra sa _____, _____, o _____ bahagi upang makalikha ng bagong salita.

Pagbibigay ng Suportang Kaisipan Mula sa Pangunahing Kaisipan

Aralin

I

Sa araling ito, ikaw ay inaasahang makapagbibigay ng mga sumusuportang kaisipan at pangunahing kaisipan ng tekstong binasa at makapagsisipi nang maayos ng mga liham.

Ang **pangunahing kaisipan** ay ang mensahe na napapaloob sa larawan o sa isang sanaysay. Sinasabi nito kung ano ang ibig sabihin ng mga pangungusap o maikling kuwento.



Tingnan ang larawan sa itaas. Ang pangunahing kaisipan ay ang pag-aalaga ng inahing manok sa kaniyang mga sisiw. Ang sumusuportang kaisipan ay ang kasama ng inahin ang kanyang limang sisiw.

Narito ang ilan sa mga paraan kung paano matutukoy ang mga ideya, sumusuporta man ito o pangunahin.

Paglalahad. Ito ay isang paraan ng pagpapahayag na naglalayong linawin ang isang ideya o konsepto, bagay, o kaisipan na lubos na mauunawaan ng nakikinig o bumabasa.

Paglalarawan. Ang tao ay likas na kabahagi ng kaniyang paligid. Ang pamamaraang ito ay kadalasang nakabatay sa pandama ng tao sa paningin, pang-amoy, panlasa, pandama, at pandinig. Maaari ring pakiramdaman ang binabasa: paano ito nakaaapekto sa iyong nararamdaman? Naghatid ba ito sa iyo ng tuwa, lungkot, galit, at iba pa?

Pangangatwiran. Kailangan nating kilalanin na kung tayo ay tumutukoy sa pangunahin o sumusuportang ideya ng isang akda o sulatin, laging kailangan na may sapat tayong ebidensiya o katibayan. Mas nahihikayat natin ang ating mga mambabasa o tagapakinig na hindi lamang tayo nagsasabi ng ating pansariling opinyon; bagkus ay wasto o tama ang ating mga sinasabi o ibinabahagi.

Kung Bakit Laging Mahalaga ang Pagyuko ni Gerome Nicolas Dela Peña

“Masaya ang manalo sa mga kompetisyon at magkamit ng mga pagkilala. Ang makapagsuot ng medalya o makapag-uwi ng tropeo ay nakakatuwa. Gayun din, ang maipagmalaki ng iba, lalong-lalona ng ating mga guro at mga magulang. Subalit, kung iisipin, ito lang ba ang tunay na halaga ng pagsali sa mga kompetisyon? O ang palakpakan o ngitian ng mga taong eksperto sa larangang sinalihan?

Laging mahalaga ang pagpapakumbaba anomang oras o pagkakataon. Isa itong magandang katangian na dapat ay taglay ng bawat mag-aaral na Filipino. Pagpapaalala ito sa sarili na laging mayroon pa tayong matututuhan sa iba pang mga pagkakataon; o mas magandang sabihin, na hindi tayo ang pinakamahusay at pinakamagaling. Mas kagigiliwan tayo ng ibang tao at mas mamahalin ng mga nasa paligid. Higit sa lahat, hindi tayo maliligaw ng landas at lagi nating tatandaan na ang tunay na medalya at tropeo ay nananatiling ang ating pagkatuto.



Gawain sa Pagkatuto Bilang 1: Isulat ang pangunahing kaisipan sa binasang salaysay. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

E

Gawain sa Pagkatuto Bilang 2: Sipiin nang wasto ang liham. Ibigay ang pangunahing kaisipan nito. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

Enero 10, 2021

Mahal kong Myra,

Kumusta ka na? Maligayang bati sa iyong kaarawan. Sayang at hindi ako makadadalo sa inyong pagdiriwang. Alam mo naman ang sitwasyon ngayon. Sana mawala na ang pandemya upang sa susunod mong kaarawan ay makarating ako sa inyo. Inaasahan ko ang iyong pag-unawa.

Ang iyong kaibigan,

Sharmaine

Gawain sa Pagkatuto Bilang 3: Sipiin nang wasto ang liham at ibigay ang pangunahing kaisipan. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

A

Punan ang patlang. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

Sa aking napag-aralan, may mga mensaheng nakapaloob sa larawan o isang sanaysay o kuwento. Ito ay tinatawag na pangunahing _____. Sinasabi nito kung ano ang ibig sabihin ng mga pangungusap o maikling kuwento.

Pagbibigay ng Sariling Hinuha Bago, Habang at Pagkatapos Mapakinggan ang Teksto / Wastong Gamit ng Pang-ukol

Aralin

I

Sa aralin na ito, inaasahan na maibibigay mo ang sariling hinuha bago mapakinggan, habang pinakikinggan, at pagkatapos mapakinggan ang teksto. Inaasahan din na magagamit mo nang wasto ang pang-ukol (laban sa, ayon sa, para sa, ukol sa, at tungkol sa).

Ang **hinuha** ay nangangahulugang isang hula o palagay na walang kasiguraduhan at di-tiyak ang isang pangyayari. Kaya huwag muna tayong maniniwala sa mga sabi-sabi na walang kasiguraduhan. Tiyakin muna kung ito ay totoo.

Mahalaga ang pagbibigay ng sariling hinuha. Ito ay tumutulong sa pagtukoy ng nilalaman at banghay ng mismong kuwento. Maaaring malaman mo bilang mambabasa na nagbibigay ng pahiwatig ang manunulat sa teksto. Ito'y maaring makita sa pamagat, tema, paksa ng akda o sulatin. Ibinibigay ng manunulat sa mambabasa ang pagkakataon upang mas magiging kapana-panabik ang gawain ng pagbasa at maging ang pagkatuto.

Ilang salita na ginagamit sa pagbibigay ng sariling hinuha ay:

1. **Baka.** Baka hindi siya makarating sa ating pagpupulong.
2. **Marahil.** Ang taas na ng presyo ng gasolina ngayon. Marahil tataas ang pamasaha.
3. **Siguro.** Ang aking Tatay ay may dalang pasalubong. Siguro ay bago siyang suweldo.

Mas magiging posible ang pagbibigay-hinuha sa binasang teksto kung nasa gitna ng pagbasa, sapagkat nagkaroon na ang mambabasa ng patikim sa kung ano ang paksa, tema, o maging ang layunin ng manunulat sa pagsusulat ng nasabing akda.

Ang implikasyon naman ay maaari nang maganap kung tapos na ang pagbasa ng buong akda o sulatin. Kung sa pagkakataon naman na bitin o hindi malinaw ang dulo ng akda, maaari ding maghinuha ang mambabasa ng kaniyang sariling interpretasyon sa posibleng wakas ng akda, kuwento, o sulatin.

D

Gawain sa Pagkatuto Bilang 1: Tukuyin ang salitang hinuha sa bawat pangungusap. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

1. Marahil ay may paparating na bagyo sa susunod na lingo.
2. Baka papayagan ng lumabas ang mga batang edad labinlima (15) pataas sa susunod na buwan.
3. Sigurado ako na ang mananalong manlalaro sa boxing ay mula sa lugar sa Mindanao.
4. Di-tiyak ang pagdating ng mga bisita sa ating paaralan.
5. Ang hula ko sa mga nangyayari sa ating paligid ay may kaugnayan sa maruming kapaligiran.
6. Walang kasiguraduhan ang pamamahagi ng ayuda sa ating barangay.
7. Marahil ay wala na tayong darating na dagdag sa ating suweldo.

E

Gawain sa Pagkatuto Bilang 2: Kopyahin sa iyong sagutang papel ang mga pangungusap. Salungguhitan ang mga pang-ukol sa bawat bilang.

1. Ang mga bagong laruan ay para kay Russel.
2. Ayon sa balita, magtataas na naman ang singil ng kuryente sa susunod na buwan.
3. Ang patalastas na ito ay hinggil sa mga dapat gawin upang maiwasan ang pagkalat ng nakahahawang sakit.
4. Darating na si Tita Josie mula sa sa kaniyang paglilibot sa Europa at uwi sa makalawa.
5. Tungkol ba kay Tiyo Marne ang liham ni Lola Marina na dumating kahapon?
6. Nais tayong kausapin ng punong-guro para sa parating na kompetisyon sa ating lungsod.
7. Laging tungkol sa pag-alalaga ng isda ang pinag-uusapan sa shop na iyon.

A

Kompletuhin ang pangungusap. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

Napag-alaman ko na ang _____ ay nangangahulugang isang hula o palagay na walang kasiguraduhan at di-tiyak ang isang pangyayari. Huwag tayong basta maniwala sa sabi-sabi.

Wastong Gamit ng Pang-abay

Aralin

I

Sa araling ito, ikaw ay inaasahang makagagamit nang wasto ng mga pang-abay na naglalarawan ng isang kilos o gawi.

Ang **pang-abay** ay bahagi ng pananalita na naglalarawan o nagbibigay turing sa pandiwa, pang-uri at maging sa kapwa nito pang-abay. Ang pang-abay ay makikilala sapagkat kasama ito ng isang pandiwa, pang-uri, o isa pang pang-abay na lumilikha ng parirala.

Halimbawa:

Ang paaralang pinapasukan ni Jojo ay **labis na maganda**. (Ang pang-abay ay **labis na** ay nagbibigay-turing sa pang-uring maganda).

Maingat niyang **binuksan** ang pinto upang hindi maistorbo ang nahihimbing na kapatid. (Ang pang-abay na maingat ay nagbibigay-turing sa pandiwang binuksan).

Talagang mabagal ang kaniyang pag-asenso subalit hindi siya nawawalan ng pag-asa. (Ang pang-abay ay **talagang** nagbibigay-turing sa kapwa pang-abay).

Mga Uri ng Pang-abay

1. Pang-abay na Kataga o ingklitik
2. Pang-abay na Pamanahon
3. Pang-abay na Panlunan
4. Pang-abay na Pamaraan
5. Pang-abay na Panggaano
6. Pang-abay na Pang-agam
7. pang-abay na Panang-ayon

1. Pang-abay na Kataga o Inglek

Ang pang-abay na kataga o ingkilit ay mga salitang laging sumusunod sa unang salita ng kayariang kinabibilangan nito.

- | | | | |
|--------|-----------|---------------|--------|
| - na | - yata | - lamang/lang | - man |
| - kaya | - naman | - nga | - muna |
| - kasi | - rin/din | - tuloy | - pa |
| - ba | - raw/daw | - pala | |

Halimbawa:

Naramdaman din **pala** nila ang lindol kagabi. (Ang pang-abay ay salitang **pala**).

Nagdarasal **muna** sila bago kumain. (Ang pang-abay ay ang salitang **muna**).

2. Pang-abay na Pamanahon

Ang pang-abay na pamanahon ay nagsasaad kung kailan naganap o magaganap ang kilos na taglay ng pandiwa.

Mayroon itong panandang salita. Ito ay ang mga sumusunod:

- **hanggang, umpisa, mula, buhat, tuwing, kapag, kung, noon, sa, at nang.**

Halimbawa:

- Ipinangako niyang bibisitahin ang puntod ng ina **nang** linggo-linggo. (Ang pang-abay ay ang salitang **nang**).

- **Tuwing** babasahan ako ni nanay ng kuwento ay nakakatulog ako.

3. Pang-abay na Panlunan

Ang pang-abay na panlunan ay tumutukoy sa pook na pinangyarihan o pangyayarihan ng kilos ng pandiwa. Karaniwang ginagamit ang pariralang **sa, kay, o kina**. Ito rin ay karaniwang sumasagot sa tanong na saan.

Ang **sa** ay ginagamit kapag ang kasunod ay pangngalang pambalana o maging panghalip.

Halimbawa:

Maraming magagandang karanasan ang naaalala ko sa probinsiya.

Ang **kay/kina** ay ginagamit kapag ang kasunod ay pangngalang pantangi na ngalan ng tao.

Nagpunta ako kina Mang Ganing para magpaturo sa aking takdang-aralin.

4. Pang-abay na Pamaraan

Ang pang-abay na pamaraan ay nagsasaad kung paano naganap, nagaganap, o magaganap ang kilos na inilalahad ng pandiwa. Ginagamit ang pananda na “**nang**” o “**na/-ng**.” Ito ay sumasagot sa tanong na paano.

Halimbawa:

Niyakap niya ang anak nang mahigpit dahil matagal itong nawalay sa kaniya.

Bakit niya pinili na mag-aral sa ibang bansa?

5. Pang-abay na Panggaano

Ang pang-abay na panggaano ay naglalahad ng sukat o timbang. Sumasagot din ito sa tanong na gaano o magkano.

Halimbawa:

Tinatayang umabot nang limang taon ang pagsusulat niya ng kaniyang nobela. (Ang pang-abay na panggaano ay limang taon).

6. Pang-abay na Pang-agam

Ang pang-abay na pang-agam ay pang-abay na nagbabadya ng kawalan ng katiyakan sa pagganap sa kilos ng pandiwa.

Kadalasan ding ginagamit ang mga pariralang marahil, siguro, tila, baka, wari, parang, at iba pa.

Halimbawa:

Marahil ay natuto na siya mula nang mahuli ng guro na nandadaya sa pagsusulit.

Tila habambuhay nang mananatili para sa kaniya ang ganda ng Baguio.

7. Pang-abay na Panang-ayon

Ang pang-abay na panang-ayon ay pang-abay na nagsasaad ng pagsang-ayon. Kadalasang gumagamit dito ng mga salitang oo, opo, tunay, sadya, talaga, siyempre, at iba pa.

Halimbawa:

Oo, maniwala ka. Ikaw ang pinakamatalik kong kaibigan.

Talagang mahirap ang buhay kung hindi makapagtatapos ng pag-aaral.

8. Pang-abay na Pananggi

Ang pang-abay na pananggi ay nagsasaad ng pagtanggap tulad ng hindi/di at ayaw.

Halimbawa:

Hindi kailanman mawawala ang ating pag-asa.

Ayaw na nilang sumali sa paligsahan.

Malayo na ang narating ng mananakbo di niya alintana ang init ng araw.



Gawain sa Pagkatuto Bilang 1: Tukuyin ang pang-abay na pamaraan sa bawat pangungusap. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

1. Si Russel ay mahusay maglaro ng Mobile Legends.
2. Masayang nagdiwang ng kapaskuhan ang mag-anak na Rivera.
3. Masipag mag-ipon ang batang si Imee kaya mayroon siyang pambili ng bagong aklat.
4. Mabilis na sumilong ang mga naglalaro ng basketbol matapos bumuhos ang malakas na ulan.
5. Nawawala ang laruang aso ni Bien kaya mabilis niya itong hinanap sa buong bahay.

E

Gawain sa Pagkatuto Bilang 2: Sumulat ng isang pangungusap na nagsasaad ng pang-abay na pamaraan, panlunan, pang-gaano, panang-ayon at pananggi. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

A

Kompletuhin ang pangungusap. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

Ang _____ ay bahagi ng pananalita na naglalarawan o nagbibigay turing sa pandiwa, pang-uri at maging sa kapwa nito pang-abay.

Pag-uugnay ng Sanhi at Bunga ng mga Pangyayari sa Binasang Teksto /Pagbibigay ng Pamagat sa Binasang Teksto

Aralin

I

Sa araling ito, ikaw ay inaasahang makapag-uugnay ng sanhi at bunga ng mga pangyayari sa binasang teksto at makapagbibigay ng angkop na pamagat sa binasang teksto.

Ang Sanhi at Bunga

Ang **sanhi** ay tumutukoy sa pinagmulan o dahilan ng isang pangyayari. Ito ay nagsasabi ng mga kadahilanan ng mga pangyayari.

Sa kabilang banda, ang **bunga** naman ay resulta o kinalabasan ng pangyayari sa isang partikular na akda o sulatin. Mas higit na maunawaan ang pinakinggan o binasa kung mapag-uugnay-ugnay natin ang naging ugat at kinalabasan ng mga kaganapan sa akda.

Halimbawa :

Sanhi: Araw-araw ay nag-aaral ng aralin si Aya.

Bunga: Kaya lagi siyang nakapapasa sa pagsusulit.

Sanhi: Mahilig mag-ensayo sa pagkanta si Angela.

Bunga: Lagi siyang napipiling kalahok sa paligsahan na pagkanta.

D

Gawain sa Pagkatuto Bilang 1: Bilugan ang sanhi at kahunan ang bunga sa mga pangungusap na nasa ibaba. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

1. May kalayuan ang paaralang pinapasukan ni Edna kaya kailangan niyang maglakad ng tatlong oras para lamang makarating dito.
2. Kailangan niyang magtipid upang makabili ng nais na relo.
3. Naging maayos ang kanilang buhay dahil nagsumikap sa ibang bansa ang kaniyang mga magulang.
4. Espesyal ang pagdiriwang ng kaniyang ikawalong kaarawan dahil binisita siya ng kaniyang lolo at lola na matagal na niyang hindi nakikita.
5. Nais niyang makapunta sa bahay ng kaibigan kaya't nagpaalam siya sa kaniyang magulang.

E

Gawain sa Pagkatuto Bilang 2: Ibigay ang angkop na pamagat ng talata. Tukuyin rin ang sanhi at bunga ng bawat teksto. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

1. Mahilig kumain ng matatamis na pagkain si Joana. Hindi nagtagal nasira ang kaniyang mga ngipin. Napilitan tuloy siyang magpunta sa dentista.
2. Mahusay sumayaw si Noli. Araw-araw ang ginagawa niyang pag-eensayo. Gusto niyang makamit ang pagiging kampeon. Gusto niyang ikarangal siya ng kaniyang mga magulang.

3. Nagkaroon ng paligsahan sa pinakamalinis na Barangay. Lumahok ang mga kabataan sa Barangay Masipag. Malaki ang natanggap na premyo ng Barangay. Ginamit nila ang nakamit na premyo sa pagpapaganda ng komunidad.

Gawain sa Pagkatuto Bilang 3: Basahin ang tulang pambata sa ibaba. Isulat sa Hanay A ang mga makikitang sanhi at sa Hanay B naman ang bunga.

Ang Batang Mahusay Gumamit ng Oras, May Magandang Bukas
ni: Gerome Nicolas Dela Peña

Ang batang masinop sa salapi, maaaring may maipambili.

Ang batang may paggalang, dangal ng kaniyang magulang.

Nag-iingat makasakit sa salita 'pagkat napaalalahanan sa tahanan.

Laging bumabati sa mga guro dahil inspirasyon niya ang mga ito.

Ang batang maagang gumising, hindi nagagahol sa mga gawain.

Hindi palaasa sa iba subalit naniniwalang kapwa ay mahalaga.

Ang batang mahusay sa oras, tunay na may magandang bukas.

Namulat na higit sa anumang yaman, ito ay dapat pahalagahan.

HANAY A - Sanhi

1. _____

2. _____

HANAY B - Bunga


1. _____

2. _____

A

Kompletuhin ang patlang. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

Batay sa aking nalaman, ang _____ ay tumutukoy sa pinagmulan o dahilan ng isang pangyayari. Ito ay nagsasabi ng mga kadahilanan ng mga pangyayari. Ang _____ naman ay resulta o kinalabasan ng pangyayari sa isang partikular na akda o sulatin.



Susi sa Pagwawasto

Week 1		Week 2	
1. c 2. a 3. b 4. b 5. b	1. bakas-paa 2. singg-oraw 3. bakas-dalri 4. sulot-kamay 5. poses-palaka 6. tabing-dagat	1. Opinion 2. Reaksyon 3. Reaksyon 4. Opinion 5. Reaksyon	1. Si Irah Nicole 2. Bumagsak si Irah Nicole sa ibang asig-natura 3. Opo basta ay hindi idagpas sa limitasyon at hindi pabayagan bagay gaya ng pag-bagayang-bahay 4. Pinalalaganan siya ng kaniya na Amomang bagay na sobra ay masama
Gawain sa Pagkatuto 1	Gawain sa Pagkatuto 2	Gawain sa Pagkatuto 1	Gawain sa Pagkatuto 2
Week 3			
1. Paksa: Edukasyon. Tema: Ang edukasyon bilang sendata sa pagpapadabag ng mundo. 2. Paksa: Kapaligiran. Tema: Pagiging mamamini ng ating kapaligiran.	1. Natuwa 2. Nalajak 3. Nabigla 4. Nagulat 5. Naghirap	Ayon sa pagpapasya ng guro.	1. Si Irah Nicole 2. Bumagsak si Irah Nicole sa ibang asig-natura 3. Opo basta ay hindi idagpas sa limitasyon at hindi pabayagan bagay gaya ng pag-bagayang-bahay 4. Pinalalaganan siya ng kaniya na Amomang bagay na sobra ay masama
Gawain sa Pagkatuto 1	Gawain sa Pagkatuto 2	Gawain sa Pagkatuto 3	Gawain sa Pagkatuto 2
Week 4		Week 5	
1. k 2. s 3. b 4. p 5. b 6. s 7. b 8. k 9. l 10. m	1. Hullihan 2. Hullihan 3. Hullihan 4. Gita 5. Gita 6. Hullihan 7. Hullihan 8. Unahan 9. Unahan 10. Gita	Ayon sa pagpapasya ng guro.	1. Para kay 2. Ayon sa 3. Hinggil sa 4. Mula sa 5. Tungkol kay 6. Para sa 7. Tungkol sa
Gawain sa Pagkatuto 1	Gawain sa Pagkatuto 2	Gawain sa Pagkatuto 1	Gawain sa Pagkatuto 1
Week 7		Week 9	
1. Mahusay 2. Masayang 3. Maspag 4. Mabilis 5. Mabilis	Ayon sa pagpapasya ng guro.	Ayon sa pagpapasya ng guro.	1. Para kay 2. Ayon sa 3. Hinggil sa 4. Mula sa 5. Tungkol kay 6. Para sa 7. Tungkol sa
Gawain sa Pagkatuto 1	Gawain sa Pagkatuto 2	Gawain sa Pagkatuto 3	Gawain sa Pagkatuto 2
Week 8			
1. May kalayaan ang paaralang pinapaskuhan ni Edna (sanhi) kaya (bunga). 2. Kalilangan niyang magtipid (sanhi) upang makabilli ng nais na relo (bunga). 3. Naging maayos ang kanilang buhay (bunga) dahil nagsumikap sa ibang bansa ang kaniyang mga magulang (sanhi). 4. Espesyal ang kaniyang naging ika-8 kaarawan (bunga) dahil binisita siya ng kaniyang lolo at lola na matagal na niyang hindi nakikita (sanhi). 5. Nais niyang makapunta sa bahay ng kabigang (sanhi) kayo† naggadlam siya sa kaniyang inay Ruby (bunga).	Ayon sa pagpapasya ng guro.	Ayon sa pagpapasya ng guro.	1. Ang batang masinop sa salapi! 2. Ang batang may paggalangang 3. Ang batang maging gumising 4. Ang batang mahusay sa oras 5. Ang batang may paggalangang 6. Ang batang maging gumising 7. Ang batang mahusay sa oras 8. Ang batang may paggalangang 9. Ang batang maging gumising 10. Ang batang mahusay sa oras
Gawain sa Pagkatuto 1	Gawain sa Pagkatuto 2	Gawain sa Pagkatuto 3	Gawain sa Pagkatuto 2

Personal na Pagtatása sa Lebel ng Performans para sa Mag-aaral

Pumili ng isa sa mga simbolo sa ibaba na kakatawan sa iyong naging karanasan sa pagsasagawa ng mga gawain. Ilagay ito sa Hanay ng LP o Lebel ng Performans. Basahin ang deskripsiyon bilang gabay sa iyong pagpili.



- ★ -Nagawa ko nang mahusay. Hindi ako nahirapan sa pagsasagawa nito. Higit na nakatulong ang gawain upang matutuhan ko ang aralin.
- ✓ -Nagawa ko nang maayos. Nahirapan ako nang bahagya sa pagsasagawa nito. Nakatulong ang gawain upang matutuhan ko ang aralin.
- ? -Hindi ko nagawa o nahirapan ako nang labis sa pagsasagawa nito. Hindi ko naunawaan ang hinihingi sa gawain. Kailangan ko pa ng paglilinaw o dagdag kaalaman upang magawa ko ito nang maayos o mahusay.

Gawain sa Pagkatuto

Week 1	LP	Week 2	LP	Week 3	LP	Week 4	LP
Gawain sa Pagkatuto Blg. 1		Gawain sa Pagkatuto Blg. 1		Gawain sa Pagkatuto Blg. 1		Gawain sa Pagkatuto Blg. 1	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 2		Gawain sa Pagkatuto Blg. 2		Gawain sa Pagkatuto Blg. 2		Gawain sa Pagkatuto Blg. 2	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 3		Gawain sa Pagkatuto Blg. 3		Gawain sa Pagkatuto Blg. 3		Gawain sa Pagkatuto Blg. 3	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 4		Gawain sa Pagkatuto Blg. 4		Gawain sa Pagkatuto Blg. 4		Gawain sa Pagkatuto Blg. 4	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 5		Gawain sa Pagkatuto Blg. 5		Gawain sa Pagkatuto Blg. 5		Gawain sa Pagkatuto Blg. 5	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 6		Gawain sa Pagkatuto Blg. 6		Gawain sa Pagkatuto Blg. 6		Gawain sa Pagkatuto Blg. 6	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 7		Gawain sa Pagkatuto Blg. 7		Gawain sa Pagkatuto Blg. 7		Gawain sa Pagkatuto Blg. 7	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 8		Gawain sa Pagkatuto Blg. 8		Gawain sa Pagkatuto Blg. 8		Gawain sa Pagkatuto Blg. 8	

Week 5	LP	Week 6	LP	Week 7	LP	Week 8	LP
Gawain sa Pagkatuto Blg. 1		Gawain sa Pagkatuto Blg. 1		Gawain sa Pagkatuto Blg. 1		Gawain sa Pagkatuto Blg. 1	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 2		Gawain sa Pagkatuto Blg. 2		Gawain sa Pagkatuto Blg. 2		Gawain sa Pagkatuto Blg. 2	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 3		Gawain sa Pagkatuto Blg. 3		Gawain sa Pagkatuto Blg. 3		Gawain sa Pagkatuto Blg. 3	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 4		Gawain sa Pagkatuto Blg. 4		Gawain sa Pagkatuto Blg. 4		Gawain sa Pagkatuto Blg. 4	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 5		Gawain sa Pagkatuto Blg. 5		Gawain sa Pagkatuto Blg. 5		Gawain sa Pagkatuto Blg. 5	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 6		Gawain sa Pagkatuto Blg. 6		Gawain sa Pagkatuto Blg. 6		Gawain sa Pagkatuto Blg. 6	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 7		Gawain sa Pagkatuto Blg. 7		Gawain sa Pagkatuto Blg. 7		Gawain sa Pagkatuto Blg. 7	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 8		Gawain sa Pagkatuto Blg. 8		Gawain sa Pagkatuto Blg. 8		Gawain sa Pagkatuto Blg. 8	

Paalala: Magkaparehong sagot ang ilalagay sa LP o Lebel ng Performans sa mga gawaing nakatakda ng higit sa isang linggo o week. Halimbawa: Ang aralin ay para sa Weeks 1-2, lalagyan ang hanay ng Week 1 at Week 2 ng magkaparehong ★, ✓, ?.




Sanggunian

Department of Education. (2020). *K to 12 Most Essential Learning Competencies with Corresponding CG Codes*. Pasig City: Department of Education Curriculum and Instruction Strand.

Department of Education Region 4A CALABARZON. (2020). *PIVOT 4A Budget of Work in all Learning Areas in Key Stages 1-4: Version 2.0*. Cainta, Rizal: Department of Education Region 4A CALABARZON.

Noche, P. (2012). *Aralin sa Filipino*. studylib.net/doc/8795349/aralin-sa-filipino



Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education Region 4A CALABARZON

Office Address: Gate 2, Karangalan Village, Cainta, Rizal

Landline: 02-8682-5773, locals 420/421

<https://tinyurl.com/Concerns-on-PIVOT4A-SLMs>

